

PAHAYAG MULA KAY KEITH KNOX, TESORERA AT TAGAKOLEKTA NG BUWIS, PATUNGKOL SA COVID-19 AT ANG ABRIL 10 NA DEADLINE NG BUWIS NG ARI-ARIAN

Naiintindihan ko na isa itong napaka-nakababahalang oras, lalo na para sa mga nagdurusa ng direktang epekto mula sa pampublikong krisis sa kalusugan, at nakatuon sa pagtulong sa anumang paraan ang aking tanggapan. Ang mga may-ari ng ari-arian sa Los Angeles County na apektado ng mikrobyo na COVID-19 ay maaaring makansela ang multa ng lampas sa takda nilang pagbabayad kung hindi nila mabayaran ang kanilang mga buwis ng ari-arian hanggang Abril 10 na deadline.

Wala kaming pahintulot na palawigin ang Abril 10 na deadline, tulad ng itinakda ng Batas ng Estado. Gayunpaman, simula sa Abril 11, ang araw pagkatapos ng takda ng buwis ng ari-arian, maaaring magsumite ng kahilingan para sa pagkansela ng multa sa online ang mga tao na hindi makabayad nang oras sa mga kadahilanang may kaugnayan sa COVID-19. Nagtalaga ang departamento ng isang espesyal na koponan upang iproseso ang mga kahilingan na ito na nagpapahiwatig na apektado sila ng pagsiklab.

Hinihikayat namin ang lahat ng mga may ari-arian na makakayang magbayad ng kanilang mga buwis sa takdang oras na gawin ito. Tumutulong ang kita na ito na panatilihin gumagana ang pamahalaan at magbibigay ng mahahalagang serbisyo na inaasahan ng publiko, lalo na sa mga panahong katulad nito.

Yamang kasalukuyang sarado sa publiko sa panahon ng emerhensiyang ito ang mga gusali ng County, walang mga personal na pagbabayad. Sa halip, maaaring magbayad sa online, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng koreo ang mga magbabayad ng buwis. Walang gastos para sa mga pagbabayad sa e-Check online. Para sa mga online na transaksyon sa credit/debit card, ang aming tagaproseso ng pagbabayad sa card ay naniningil ng 2.25 porsyento na bayad sa serbisyo.

Bumuo kami ng mga tugon sa aming Pinaka-madalas na Itanong (FAQs). [Mangyaring mag-click dito para sa aming mga FAQ](#)

Maari ding bisitahin ng mga nagbabayad ng buwis ang <https://ttc.lacounty.gov/>, upang suriin ang mga pamamaraan ng pagbabayad at maraming iba pang mga online na mga opsyon sa sariling-serbisyo. Maaari ring tumawag ang mga nagbabayad ng buwis sa (213) 974-2111 para sa karagdagang impormasyon.